



Iniimbitahan ang mga residente, negosyo at pangkat ng komunidad sa Brampton na iparinig ang kanilang opinyon sa 2022 Pinanukalang Badyet

BRAMPTON, ON (Nobyembre 1, 2021) – Iniimbitahan ng Lungsod ng Brampton ang mga residente, negosyo, negosyante at pangkat ng komunidad na ipahayag ang kanilang feedback at magbigay ng opinyon sa 2022 Pinanukalang Badyet ng Lungsod, na nakikita sa website ng Lungsod sa susunod na linggo.

Sa Martes, Nobyembre 16, si Mayor Patrick Brown, Chair, Komite sa Badyet, at ang Rehiyonal na Konsehal na si Paul Vicente, Vice Chair, Komite sa Badyet, ay magho-host ng:

- isang birtwal na pagpupulong para sa mga negosyo at negosyante sa 9:30 am
- isang Tele Town Hall sa 6:45 pm para sa mga miyembro ng publiko at mga kinatawan mula sa mga pangkat ng komunidad

Ang rehistrasyon para sa dalawang sesyon ay bukas na ngayon sa www.brampton.ca/budget. Dadalo rin ang staff ng Lungsod sa dalawang engagement, at makapagtatanong ang mga kalahok, mag-highlight ng prayoridad at tutulong sa paghubog ng mga deliberasyon sa 2022 Badyet ng Lungsod.

Magsisimula ang mga deliberasyon ng Badyet sa Lunes, Nobyembre 29, 2021, at ang Badyet ay aaprubahan sa Miyerkules, Disyembre 8, 2021. Makikita ang mas maraming impormasyon sa Badyet ng Lungsod sa www.brampton.ca/budget.

-30-

KONTAK NG MEDIA

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca